

Chapter One



“**A**no pa ba ang Venice maliban sa pagiging *City of Romance*, ha, Rand? Ba’t d’un mo gustong magpa-assign?” tanong ni Amalie, elder sister ni Rand. Magkapareho sila ng propesyon—architect.

Kapwa sa *Eagle Builders Incorporated* o *EBI* sila nagtatrabaho. Ang *EBI* ay real estate development at construction firm. May stock doon ang pamilya nila.

“At ang follow-up question, kailan ka pa naging romantic?” segunda ni Jona, dating nobya ni Rand. Obvious ang balak nitong makipagbalikan sa kanya na kinukunsinti naman ng Ate Amalie niya. “Gusto mo pala ng romantic ambience ’tapos tinanggihan mo ’yung assignment natin sa *Taj Mahal*. Sa iba tuloy ako nai-pair up,” nayayamot na reklamo nito at walang sabi-sabing umalis sabay pabalang na isinara ang pinto ng opisina ni Rand.

“See the attitude?” sumbat niya sa kapatid. Kaya hindi nakasundo ng anak niya si Jona dahil may pagka-isip-bata rin.

“Kasalanan mo naman kasi. Gusto ka lang namang makasama n’ung tao kaya nagpumilit makasama sa *Team Taj Mahal* ’tapos mas pinili mo pa ang solo assignment sa Venice,” depensa ni

Amalie.

Nag-e-expand ang *EBI*, pinondohan nito ng di birong halaga ang Research and Development Department ng kumpanya at nagpadala ng mga grupo sa iba't ibang sulok ng mundo para mag-aral tungkol sa ancient and modern construction techniques.

Senior architect si Rand, may team na naka-assign sa kanya para pamunuan, pero nag-insist siya na magtrabahong mag-isa.

“Venetian Architecture has always fascinated me,” simple niyang paliwanag.

Totoo naman ang rason niyang iyon kahit paano. Sino nga ba naman ang hindi hahanga sa siyudad na iyon na animo ay nakalutang sa tubig? Kaya nga tinatawag din iyong *Floating City*. Kung hindi ba henyo ang mga engineers at architects na bumuo sa lumang Venice, makaka-survive ba naman ang mga naggagandahang gusali rito na literal na nakababad sa tubig?

Napagdugsung-dugsong ang mahigit isang daang isla na bumubuo sa siyudad sa pamamagitan ng maraming waterways at arched bridges.

“Yon lang?” dudang tanong ni Amalie.

“Siyempre hindi. May iba pa akong purpose maliban sa Venetian Architecture. I need to go to Brenta for me to see and feel in person what magic

Palladian Villas have. Malapit na sa mainland Venice 'yon, right?" Kasalukuyang pinag-aaralan ni Rand kung paano ihaharap sa board ang panukala niyang pagtatayo ng isang Palladian Village o subdivision somewhere in South Luzon.

Matatapos niya ang project proposal na ito kung magagawa niya ang research sa lalong madaling panahon.

That would be hitting two birds in one stone. No, make that three.

Lihim siyang napangiti nang maalala ang tunay na dahilan ng pagpunta sa probinsyang iyon na sakop ng bansang Italy.

"Yon lang talaga? Naku, Rand..." Duda talaga si Amalie.

"What else?" Mauubusan na siya ng pasensya sa kapatid.

Siguro'y dito nahawa ng kakulitan ang kanyang twelve-year old daughter na si Zariya. Si Amalie ang naging nanay ng bata noong bago pa ito nag-asawa. He tried to think of a more plausible excuse dahil tiyak na hindi siya lulubayan ng ate niya.

"Well... Venice is full of strange things and oddities. Venice is beautiful... and mysterious. Venice is Venice, unique."

"Hmn... Are you referring to Venice, Italy or Venice Friginal?" nanunudyong tanong ni Amalie.

Napabuntong-hininga na lang si Rand sa kakulitan nito.

“Kanina si Jona, ngayon naman si Vinny. Kailan mo ba ako titigilan sa karereto, Ate?” Hindi rin naman niya masisi ang nakatatandang kapatid kung bakit nito ginagawa iyon. At 35 he’s still unmarried. “I already have Zariya. She’s enough for me.”

“Rand, kailangan mo ng makakatuwang sa pagpapalaki kay Zari. Hindi *por que* magdadalaga na ’yung bata, eh, iko-consider mo na ngang malaki na siya. Mind you, mas critical ang puberty stage. She needs guidance, Rand. She needs a complete family.”

“Sa inyo pa lang ni Mama sulit na ang guidance and counseling ni Zari. Hindi na nga niya hinahanap ang nanay niya, di ba?” Kung tutuusin, hindi man napalaki si Zari ng biological mother nito, marami naman itong naging nanay.

Marga, Zari’s mother was a ramp model. Nakahanda naman siyang pakasalan ito noong mabuntis niya pero tumanggi ang babae at ang dahilan ay ang career nito. Kapag sa ibang bansa ang trabaho nito, naiiwan sa kanila ang bata. Later, nang mas maging demanding na ang trabaho nito ay napasakanya na ang full custody.

“Hindi ako nagbibiro, Rand. This is a serious matter. You should get married. If you don’t want a

wife for yourself then get a mother for your child. Ayaw mo bang magbaka-sakaling maging masaya rin ang marriage life mo? Look at me. Gusto ko ring maging masaya ka, Rand. Then you could have more kids with your wife. I'm sure matutuwa si Zari kapag nagkaroon ng kapatid. Kaya nga kapag nasa bahay 'yon hindi mo na mapauwi, di ba? Paano, nalilibang sa mga pinsan. Feel na feel maging big sister.”

In his opinion, kung gusto ni Zari ng bagong mommy, hindi ito mangingiming magsabi sa kanya. Ang pilyang bata, gusto ng maraming kapatid pero ayaw siyang papag-asawahin. Alam niyang naiisip din nito na ang babaeng ipinapakilala niyang nobya ay posibleng magiging kaagaw nito sa kanyang puso.

Sa totoo lang, wala ni isa sa mga naging girlfriends ni Rand ang pumasa kay Zari. Si Jona na pinakamatiyaga sa lahat ay sumuko rin sa bata.

Mabait naman ang anak niya. Medyo may pagkapilya at suplada nga lang kung minsan. But all in all, his little darling was still an angel for him. There was a particular woman though na nakasundo nito maliban sa lola at mga tita. Si Venice.

Purong Filipina si Venice. Pero mas pinili nitong magtrabaho at manirahan sa Italya. At habang sinasambit ni Rand kung gaano kaganda at walang-katulad ang Venice, hindi lugar ang tinutukoy niya.

“Isasama ko nga sana si Zari sa Venice,” pag-iiba ni Rand sa usapan para hindi na maungkat na kailangan na niyang mag-asawa the soonest possible time. For him, the right time would come. “Para magkita naman sila ni Marga. Kaso, mukhang hindi interesado ’yung bata. Marami raw siyang school activities na mami-miss kung sasama.”

“Kahit paano interesado rin ’yon na makita ang ina niya. Pero siguro traumatized pa rin sa Italy hanggang ngayon si Zari kaya ayaw pumunta doon.”



Zari almost lost her life in a train accident about two years ago. From mainland Venice, bumiyahe ang mag-ina papunta sana sa Milan para sa isang fashion show. Zari was sleeping in the cabin, alone, when the accident occurred. Maraming namatay. Siguro ang isang nakapagligtas sa buhay ng bata ay natabunan ito ng luggages na mostly ay mga damit lang ang laman. Hindi ito tuluyang naipit ng mga nagpingkiang bakal dulot ng train crash.



Venice, Italy...

“I thought my daughter is fine?” nanggagalaiting sita ni Rand kay Marga. Sinalubong siya nito sa front lobby ng hospital.

Hindi ito nasama sa casualties dahil kasalukuyan itong nasa train cafeteria nang oras ng aksidente. Ang

kinaroroonang cabin ni Zari at ang mga karatig niyon ang napuruhan.

“She is, Rand. Iyon ang sabi sa amin ng doctor kaya nga inilipat na namin siya dito mula sa hospital sa Milan.”

“Then what the hell is she doing in the ICU?”

Kinakabahang nagpaliwanag si Marga.

Nagkakumplikasyon sa internal organ ang bata habang nagpapagaling ito at bumaba nang husto ang blood pressure at hemoglobin count. Pero ayos na ang kalagayan nito sa ngayon.

“Paglabas ni Zari sa ICU, she’ll be as good as new,” Marga said.

Ibinalita rin nito na idinemanda na ang naunang doktor na nagsabing puwede nang ilabas ng hospital ang bata ilang araw pagkatapos ng aksidente.

“Mabilis ang recovery ni Zari. Huwag ka nang masyadong mag-alala. Sige na, baka gising na ’yon. Ilang araw na siyang naghihintay sa ’yo. Fifth floor, first room on the left wing,” Marga added.

Nagmamadali niyang tinungo ang nasabing silid subalit laking pagkadismaya niya nang hindi siya papasukin ng nakabantay na attendant kahit nagpakita na siya ng ID. Paano ba niya sasabihin sa Italian language na siya ang ama ng pasyente? Ito namang si Marga hindi agad na-anticipate na maaaring mangyari ang senaryong ito.

Mabuti na lang at mayroong babaeng dumating. Sinubukan niya itong kausapin sa English dahil hindi naman mukhang Italian. Tila nabunutan siya ng tinik sa dibdib nang sumagot ito in fluent English. Ipinaliwanag niya ang sitwasyon at pagkatapos ay kinausap na nito ang attendant.

While the lady was negotiating with the attendant, he couldn't help staring at her in awe. Hindi dahil sa paghanga sa pagiging multilingual nito kundi dahil sa hindi niya maipaliwanag na damdamin. She looked Asian. At gusto pa nga niyang isipin na isa itong Filipina—raven black hair, itim rin ang kulay ng mga mata nito at may taas ng karaniwang Pinay. Mestiza nga lang ang complexion at matatas mag-English at Italian, though one could recognize that she's not a native speaker of those languages.

There was definitely something about her that mesmerized him.

Those misty eyes perhaps, naisip niya. Ang bilugang hugis ng mga mata nito na binagayan ng malantik na pilik, kung pakatitingnang mabuti ay parang laging may nakapondong luha sa mga iyon na anumang sandali ay tutulo. Iyon din siguro ang dahilan kung bakit tila may lungkot na nagkukubli sa magagandang matang iyon.

Ngumiti na sa kanya kanina ang babae nang magpakilala si Rand subalit hindi iyon umabot sa

mga mata nito. Gumuhit lang sa labi nito ang ngiti at pagkatapos ay dagli ring naglaho.

How he wished he could see her laugh...

Tumikhim ito para pukawin ang atensyon niya.

“Mr. Tancangco, we should wait for the doctor in charge. Only he can authorize us to enter the room.”

He noted the words we and us. Kamag-anak ba ni Marga ang babaeng ito kaya mukhang Pinay?

“Miss, are you Filipina?”

“One hundred percent,” anito at nagpatiuna nang maupo sa corridor bench sa di kalayuan. “My name is Venice Friginal.” Inilahad nito ang kamay nang tabihan niya sa upuan.

Pagkatapos nilang magkamay ay nakahalukipkip na itong sumandal sa upuan. Mukhang pagod na pagod ito.

“Kamag-anak ka ni Marga?” Iling lang ang tugon nito. “Colleague?” hula niya kahit hindi pang-runway model ang height nito. Her natural beauty would surely outshine those skinny models. Pero muli itong umiling. Kung gayon, baka ito ang ikinukuwento ni Zari na Pinay nanny. “So you must be Zari’s Ate Vinny?”

Tumango ito at nagpilit ngumiti.

Napansin niyang isinandig nito ang ulo sa nasa likurang pader at pagkatapos ay pumikit.

“Sorry for being not good enough company,”

nakapikit na sabi ni Vinny.

“It’s all right. Sa totoo lang malaki ang naitulong mo sa akin. Kung hindi ka dumating baka inaway ko na ’yung nurse kanina pati na rin si Marga. Sige, magpahinga ka lang...” Gusto sana niya itong usisain pa subalit mukhang may dinaramdam ito.

Ngayon lang napansin ni Rand ang pamumutla nito nang matitigan niya sa malapitan. Pero maganda pa rin ito sa kabuuan, maamo ang mukha, iyong tipong hindi mo mapahihindian kapag naglambing. Naisip niyang napakasuwerte naman ng asawa nito. She might be in her mid or late twenties yet her beauty remained youthful.

She was just like Venice—mysteriously beautiful.

Mayamaya’y biglang nagmulat ng mga mata ang babae at nagkahulihan sila ng tingin. The moment their eyes met... it struck him like déjà vu.

Those misty eyes...

Rand had a feeling that he had seen her lovely eyes before... maybe in his dreams. He felt an inexplicable emotion—like he found something that he didn’t know was missing.

And he’d like to know more about that ‘something’...

Kumurap-kurap si Vinny. Mabuway itong tumayo at pagkatapos ay humakbang ng ilang beses. Tatanungin sana niya kung ayos lang ito pero bago

pa man niya mabigkas ang unang salita ay bumagsak na ito. Mabuti na lang at maagap niyang nasalo. Sinasabi na nga ba at kanina pa niya napapansin na may dinaramdam ito.

“Nahihilo ako...” halos paanas lang na saad ni Vinny.

“Kaya mo pa ba? Should I call for a doctor now?” nag-aalala niyang tanong. Yakap niya ito sa baywang at inaalalayang muling makaupo sa bench. Lihim niyang kinastigo ang sarili dahil sa ganitong sitwasyon ay nakukuha pa niyang mag-isip ng kung anu-ano.

She smelled seductively good. His masculine senses reacted when her sweet scent filled his nostrils while his arms were possessively draped around her fragile body.



Chapter Two



Venice, Italy...

Pagkatapos mapasalamatang muli ni Vinny ang kanyang immediate superior na si Mrs. Fonte sa pag-apruba sa kanyang week-long leave of absence ay nagpaalam na siyang uuwi.

“Addio, Signora Fonte,” aniya sa pilit na Italian accent.

“Stammi bene,” tugon naman nito sa kanyang goodbye. Ingat daw, sabi nito.

Mabuti na lang mabait ang Admin Head ng pinapasukan niyang *Montessori Pre-school*. Nakapalagayan na niya ito ng loob sa halos limang taong paninilbihan bilang school clerk. Noong nasa Pilipinas pa siya, pre-school teacher ang propesyon niya pero nang magpasya siyang dito na manirahan sa Venice ay mas pinili na lang niyang maging clerk.

Less stressful ang nature ng trabahong iyon kaysa sa pagtuturo sa mga spoiled brats na mula sa middle-class families ng siyudad.

Nasa gilid mismo ng *Grand Canal* ang school building. Ilan sa mga lagusan ng gusali ay patungo direkta sa istasyon ng water ferries o water taxis. Iyon ang means of transportation dito sa Venice. It’s

definitely a city without motorcars. Kaya kung hindi mo feel sumakay ng bangka, maglakad ka na lang.

At iyon ang balak niyang gawin ngayon.

Lalakaran lang niya ang daan pauwi sa sariling bahay. Kapag ganitong summer season, enjoy maglakad-lakad sa cobbled path ng siyudad dahil hindi panahon ng baha. Kapag nataon kasi ng *acqua alta* o high water, ankle to knee-deep ang pumapasok na tubig mula sa lagoon waters. Pero, at least, may warning siren kang maririnig kapag papasok na ang tubig at may ready to pull-out raised-walkways sa gilid ng daan. *Acqua alta* had become a fact of life in Venice.

“Feeling ko, I’m a real Venetian citizen,” aniya sa sarili habang sumasabay sa hugos ng mga city pedestrians. “Ito na ang naging tahanan ko sa mahigit kalahating dekada ng buhay ko...”

Tinawid niya ang unang arched bridge na nadaanan. Apat na minor bridges pa at mararating na niya ang bahay.

Noong una ay nalilito siya sa daan-daang maliliit na tulay na makikita sa siyudad. Kailangang magbasa mabuti ng mga signs dahil baka sa pagtawid mo ng tulay ay ibang isla na pala ang pinuntahan mo. Konektado kasi sa pamamagitan ng minor canals at bridges ang mahigit isang daang Venetian islands. Pero kalaunan, nang mapag-aralan

na niya ang topography ng lugar ay nasanay na rin siya.

When in Venice, think of the *Grand Canal* as *EDSA* and the minor and smaller canals as the streets. Isipin mo na rin na iyong mga water ferries ang city buses at taxi naman iyong mga smaller boats at *gondola*. Iyong mga arched bridges, iyon naman ang overpass. That way, hindi ka masyadong maninibago.

Sa gilid ng kalsada ay nakahilera ang mga sidewalk cafés. Italians enjoyed meeting there to drink coffee or wine.

“Pangalawang tulay...”

Bago niya tuluyang matawid ang maikling tulay ay napabalik si Vinny dahil may familiar language na nasagap ang pandinig niya. Nakisiksik siya sa kulumpon ng mga turistang pinanonood ang isang gondolier singer sa nakahimpil na maliit na bangka. Popular tenor song ang inaawit nito.

Nagdalawang-isip naman siyang kausapin ang pares ng turistang nagsasalita ng Tagalog. Mukha kasing honeymooners at tila walang pakialam sa paligid. Pinili na lang niyang huwag gambalain ang *moment* ng dalawa. Nagpigil siyang huwag mapahalakhak nang marinig niyang pabirong sinabayan ng lalaki ang pagkanta ng gondolier,

“...*ice kending di mabili, may amag sa tabi...*”

“Mga Pinoy talaga, kahit kailan, kahit saan,” nailing niyang bulong sa sarili. “In fairness, sosyal ’yung honeymooners na ’yon. Dinayo pa talaga itong romantic city by the lagoon a.k.a. *La Serenissima*. Nakakaingit lang.”

Matagal na niyang tinanggap sa sarili na malabo na niyang maranasan ang kaligayahang iyon. Sa edad na tatlumpu ay wala pa siyang asawa at wala na siyang balak mag-asawa. Hindi naman siya man-hater. Dalawang lalaki lang ang nakasakit ng damdamin niya. Wala siyang planong idamay sa galit ang kabuuan ng human male species. Saka decided na siyang maging single for the rest of her life.

“Maybe I was destined to live my life alone. Kung hindi, bakit ako nag-iisa ngayon?” Mula sa brisk walking, unti-unting bumagal ang paglalakad ni Vinny. Nabantuan ng lungkot ang kanina lang ay masaya niyang damdamin.

Nakaramdam na naman siya ng self-pity dahil sa pag-iisa sa buhay. Patay na ang kaisa-isa niyang kapatid na si Cedric at wala silang ibang kamag-anak na nakilala dahil laking bahay-ampunan sila. Malaon na ring patay ang matandang dalagang umampon sa kanilang magkapatid. Her last boyfriend married another woman—tinapat kasi niya ito nang mag-alok ng kasal na hindi ito ang

una. Iyong nakauna naman sa kanya, tinalikuran siya nang malaglag ang bata.

So now Vinny was literally and figuratively alone.

Nanatili na lang siya sa Venice dahil wala na siyang kamag-anak sa Pilipinas. At least, dito sa Venice, may good memories sila ng kapatid at may anak dito si Cedric. Iyon nga lang at hindi siya puwedeng magpakilalang tiyahin ng bata.

Si Cedric ang kumumbinsi sa kanyang dito na silang magkapatid manirahan sa Italy.

“Kung ako sa ’yo, Ate Vinny, hindi na ako babalik sa Pilipinas.” Madalas niyang dalawin si Cedric dito sa Italy at sagot nito ang pamasahe. Kaya heto at nasa Milan siya. Dito kasi nakadestino ngayon ang kapatid. *“May nabili kasi akong bahay sa Venice. Maliit lang pero sulit kasi nasa mismong downtown. Sayang naman kung walang titira doon.”*

“Kung di ka ba naman adik, alam mong malayo sa destino mo, doon ka pa bumili.”

“Hindi ko kasi natanggihan ’yung kaibigan kong may ari n’ung bahay. At saka maganda na ring investment. Isa pa, malay mo, you are predestined to live in Venice kaya iyon ang ipinangalan sa ’yo, di ba?”

Gusto niyang pagbigyan ang kapatid kaso lang tutol ang current boyfriend niyang si Marlon. Mataas

kasi ang posisyon nito sa isang government agency sa Pilipinas kaya nanghihinayang na iwan ang trabaho.

“Walang konek, Cedric.” Pabiro niyang binatukan ang kapatid. “Hayaan mo, pag-iisipan ko.”

“Pag-iisipan? Siguro ayaw ka lang payagan ng boyfriend mo, ’no? Oy, Ate, baka maisahan ka na naman this time, ha. Kaya gusto kong magkasama tayo para naipagtatanggol kita. Sinabi mo na ba sa kanya ang totoo? Baka kasing-ugali rin ’yan n’ung ex mong tsekwa.”

“Wala pa siyang alam. Pag-uwi ko sasabihin ko na sa kanya. Nagpo-propose na nga ng kasal, eh. Tatanggapin ko ba, Cedric?” Hindi na siya magpapalinlang ngayon. Nag-iingat na siyang baka maulit ang ginawa ng naunang nobyo na sinadya siyang lasingin para may mangyari sa kanila.

“Hindi ’yan ang kuwestiyon, Ate. Ang tanong, tanggapin ka pa kaya niya kapag nalaman niya ang nakaraan mo?”



Tama ang kutob ni Cedric. Hindi si Marlon ang tipo ng lalaking for better or for worse, or at least, hindi pagdating sa kanya. And the rest is history, wika nga nila.

Parang pagod na pagod na ibinagsak niya ang sarili sa malambot na sofa pagdating niya sa bahay. Kanina lang masigla siya ngayon naman ay daig pa

niya ang robot na low battery. Ang nagagawa nga naman ng emotional stress. Bakit ba kasi napag-trip-an pa niyang mag-flashback?

Nakapikit niyang kinapa sa loob ng bag ang kanyang mobile phone nang marinig ang call alert niyon.

“*Pronto?*” aniya sa pag-aakalang Italyano ang caller.

“Vinny? Is this Vinny?” anang baritonong tinig sa kabilang linya.

Nang makilala niya ang pamilyar na boses ay waring nalagyan ng fully charged battery ang kanina lang ay patang katawan. Napabangon si Vinny sa pagkakahiga at kaswal na kinausap ang lalaki. Hindi nagpahalatang excited.

“Yes, speaking.” Hindi na kailangang gumamit ng Italian language. Sure na Filipino ang kausap niya.

“Hi! It’s Rand. Rand, the Architect. Remember me and my voice?”

Oo naman. Tandang-tanda. Hindi ang tipo nito ang madaling kalimutan. Ang tipo ni Rand ay iyong palaging maaalala.

“Siyempre naman. What’s up?” Occasionally, sa nakalipas na dalawang taon, nakakausap pa rin niya ito via phone or internet chat. Masasabi rin niyang naging magkaibigan sila nito sa loob ng ilang

linggong nakasama niya ang mag-ama.

Manghilingi umano ng pabor si Rand sa kanya. Parang gusto niyang bigyan ng kahulugan na sa kanya pa ito lumapit gayong sa Venice rin naman nakatira ang nanay ng anak nito. Anyway, may bago nang asawa si Marga kaya siguro awkward nang dito pa ito humingi ng pabor.

May biglaang assignment daw dito sa Venice ang magaling na arkitekto kaya kailangan ng pansamantalang matutuluyan. Humihingi ng hotel recommendation dahil medyo *tight* daw ang budget.

“Single room lang ang kailangan ko, possibly near *St. Mark’s Square*,” ani Rand.

“Hayaan mo, ipaghahanap kita bukas. No problem. Bigyan mo ako ng price range para mas mapadali ang paghahanap.” Napakunot-noo na lang siya nang ang presyong ibigay nito ay para namang hindi pang-tight ang budget. “I’ll call you back tomorrow...”

Kung hindi lang dahil sa *delicadeza*, dito na lang niya patutuluyin sa bahay si Rand tatal nag-iisa lang naman ito. Magaan na kasi ang pakiramdam niya rito mula pa noong unang beses niyang makita. Sa totoo lang, kung hindi sinupil ni Vinny ang damdamin, baka nahulog ang loob niya rito katulad ng pagkahulog ng loob niya sa anak nitong si Zari.

Walang pasok noon ang eskuwela at matagal

pa ang class opening kaya naisipan ni Vinny na tumanggap ng part-time job sa halip na gugulin ang bakasyon sa paglililiwaliw. Ayaw naman niyang umuwi sa Pinas. Nag-apply siya sa agency at eksaktong ang nakuha niyang assignment ay maging nanny-tutor ni Zari na nagbabakasyon lang noon sa piling ng ina. Madali niyang nakasundo ang bata dahil siguro feeling nito, sila lang ang magkakampi sa buong mundo. Paano'y palaging wala sa bahay ang ina nito dahil sa trabaho.



“Zari, would you like me to teach you a few Italian words para naman kahit paano magkaintindihan kayo ng stepfather mo?” First day of work ni Vinny as nanny-tutor.

“No,” pasupladang sagot nito. Nakahalukipkip at hindi niya mahuli ang mga mata.

Goodness, hindi pa nangangalahati ang unang araw niya ay parang ibig na niyang sukuan ito. Siguro’y sa ama nito nakuha ang ugali. Mabait at magiliw naman ang mommy nito na si Marga, Filipina rin na nakapag-asawa ng mayamang Venetian citizen.

Kinausap siya ni Marga sa wikang Italyano para hindi sila maintindihan ng nagmamarakulyong bata.

“Pagpasensyahan mo na ang anak ko, Vinny. Matagal na kasi kaming hindi nagkakasama kaya

hindi ko rin mahuli kung ano ang gusto. Hindi mo naman talaga siya kailangang i-tutor, just be with her. No one in this house speaks fluent English kaya wala siyang makausap nang matino.”

“Naiintindihan ko. Kung papayag ka, ito-tour ko siya around the city. Tingin ko, bored na ang bata dito sa bahay.”

“Palagay ko tama ka. Noong isang gabi pa ako kinukulit na gustong sumama sa Rome. Hindi ko siya maaasikaso doon dahil sa trabaho ko.” Pagkuwa’y binalingan nito ang anak. “Anak, hindi muna kita maisama this time. Promise, on my trip to Milan, you’ll be joining me, okay?” Ginulo ni Marga ang buhok ni Zari, hinaplos ang kabilang pisngi at pagkatapos ay hinalikan ang kabila.

Mukhang hindi nagustuhan ng bata ang gesture ng ina. Inayos nito ang sariling buhok at pasimpleng pinahid ang pisnging hinalikan.

“Do I have a choice?” nakasimangot pa ring sagot ni Zari. “Kung dito lang rin pala ako sa loob ng bahay mag-i-stay, sana nag-Skype na lang tayo. Napagod pa akong magbiyahe at saka takot nga ako sa plane, di ba?”

Ah, may point naman pala ang sentimiento ni young girl, ani Vinny sa isip.

“Yes, I know. Don’t worry, Baby, mamamasyal tayo sa buong Italy, soon. Just the two of us.” Niyakap nito

ang bata na gumanti rin ng isang mahigpit na yakap.

So, Zari preferred to be hugged than to be kissed like a baby. Sabagay mukhang mature nga ito. Her way of thinking was advanced for a ten-year-old girl.

Ang set-up nila, Vinny would be company for Zari during day time. Puwede silang mag-stay sa bahay o mag-unwind sa labas. Sa gabi, Vinny could go home.

Nakuha na ni Vinny ang loob ni Zari sa loob lamang ng dalawang araw nilang paglabas-labas. And she did that by treating the little girl like a sensible grown up. Hindi kailangang pagbigyan lagi ang gusto, Vinny would simply give Zari a valid reason kung bakit hindi puwede ang hinihingi nito, at nakakaintindi naman.

“Wala pa akong anak kasi wala pa akong asawa,” paliwanag niya sa tanong nito habang kumakain sila sa isang pasta house along Rialto Market.

“Ang daddy ko wala ring asawa pero anak niya ako. Kelan mo balak mag-asawa para magka-baby ka na rin?”

“Kris Aquino, ikaw ba ’yan?” biro niya sa madaldal na bata. Ewan ba niya kung bakit may pakiramdam siyang pati darkest secret niya ay gustong halukayin nito. Inihanda niya ang sarili sa isang mahabang paliwanagan. Nakuntento naman ang atrebidang bata sa mga sagot niya.

“Promise, talagang ayaw mong mag-asawa?”

Tinanguan niya ito. “Yes! Sige, ipapakilala kita kay Daddy pagsundo niya sa akin dito sa Venice.” Napasuntok pa ito sa hangin. “Basta promise mo, hindi ka magpi-flirt kay Daddy tulad ng ibang babae. Huwag kang magpapaligaw sa kanya, ha, Ate Vinny,”

Natatawa siyang nangako. Talagang ayaw nitong papag-asawahin ang ama. Pagkatapos nilang kumain ay sumakay sila ng ferry boat papuntang Orfanotrofio Dei Venetia. Isa iyong bahay ampunan na regular niyang binibisita.



Chapter Three



Parang ibig maiyak ni Vinny sa tuwa nang muling masilayan ang pamangking si Alessandro pagkalipas ng mahigit isang taon. Ito ang anak ni Cedric. Pitong taong gulang na ngayon ang bata. Nakuha nito ang itim at alun-along buhok ng ama pati na rin ang hugis ng mata, subalit ang kulay niyon ay nakuha sa genes ng Italyanang ina.

Lumabas siya ng bahay at nananghod sa maliit niyang terrace. Mula doon ay tatlong dipa lang niya ang bakuran ng kapitbahay kung saan naglalaro ang bata. Kung tutuusin puwede naman niyang lapitan ito at yakapin nang ubod ng higpit tulad ng gusto niyang gawin noon pa. Pero hindi puwede. Nangako siya sa ina nitong si Matilde na hindi magpapakilala sa bata.

“Alessandro...” Hindi niya napigil ang sariling bigkasin ang pangalan ng minamahal na pamangkin. “I can see Cedric in you.”

Waring narinig ng bata ang mahina niyang usal. Lumington ito sa gawi niya, and to her delight, the boy smiled at her. Sapat na iyon para magsikip ang dibdib niya sa labis na kaligayahan. Pakiramdam ni Vinny ay si Cedric mismo ang ngumiti sa kanya.

“Sulit na ang maghapon kong pang-aabang para makita lang kita,” bulong niya sa sarili

Itinaon niyang matatapat sa yearly vacation ng mag-anak ni Matilde ang leave niya sa trabaho para makita lang ang bata. Indonesian ang asawa nito at doon na nakatira ang mag-asawa sa Jakarta, pumupunta lang sa Venice ang babae para dalawin ang parents nito.

Lumapit ang bata sa hangganan ng bakuran at kinausap siya.

“Ciao! Do you speak English?”

“Yes, yes...” aniyang may kasama pang tango. Excited siya sa conversation na ito pero may kaunting kaba dahil baka ikagalit ni Matilde. “...and Italian, too. What’s your name?”

“Alessandro. Me, too, but only a little Italian,” sagot ng bata.

“Nice name.” Halos hindi siya kumurap sa pagkakatitig dito. First time niyang nakausap ang pamangkin mula nang malaman niyang may anak si Cedric. Alessandro was her only living relative!

Lalapit pa sana sa kanya ang bata pero narinig nito ang pagtawag ng ina.

“Oops, I better go. *Addio!*” Bago ito tuluyang tumakbo pauwi ay nag-flying kiss pa sa kanya.

Hindi pa siya naka-get over sa pagngiti nito, ngayon nama’y nag-flying kiss pa! Gasino pa kaya

kapag nayakap ito ni Vinny at nahagkan? She was totally overwhelmed and she couldn't fight the urge to cry. Unti-unting tumulo ang pinipigil niyang luha.

Hindi maikakailang kay Cedric si Alessandro. Nagpigil siya nang husto para hindi sugurin ng yakap ang bata. If some words were better left unsaid, there were also actions better left undone. Mahirap nang mawala pa sa ayos ang mga bagay-bagay. Kinabukasan rin ng bata ang nakasalalay.

Pagpasok sa loob ng bahay ay narinig niya ang call alert ng cell phone. Nagpalipas pa siya ng ilang segundo bago sinagot ang tawag dahil ramdam pa niya ang tila bikig sa lalamunan at baka mapahikbi pa siya.

Si Rand ang tumatawag. Marahil dumating na ito rito sa Venice. Maghapon silang nagta-touch base. Kagaya ng napag-usapan nila, inihanap niya ito ng economy room sa isang four-star hotel. Personal siyang nagpa-reserve doon kahapon pa.

“Hi, Vinny!” masiglang bati nito. “Akala ko hindi mo na sasagutin ang phone, babalik na sana ako sa Pilipinas,” biro nito.

Wala sa loob siyang napasinghot at huminga ng malalim. Kailangan niyang mag-concentrate sa pagbibigay ng direksyon kundi ay maliligaw ang kanyang panauhin.

“*Benvenuto!* Welcome back to Venice...” aniya

at pagkatapos ay humingi siya ng dispensa dahil natagalan ang pagsagot pero hindi niya sinabi ang rason. “So, nasa *Marco Polo Airport* ka na?”

“Si, *Signorina...*” Nag-pause ito at mukhang may kausap na airport personnel. “Vinny, shortest way to *Hotel Palazzo Alighieri*, please,” tukoy nito sa hotel kung saan siya nagpa-book.

How polite. Ang totoo, kahit hindi ito makiusap sa kanya, nakahanda siyang tulungan ito—with all her heart. Setting hypocrisy aside, she would admit right away that she’d missed this gorgeous architect. She’s excited to see Rand again. Actually, *missed* was an understatement. But she was afraid to accept the truth. She promised Zari that she and Rand would never be an item and to herself that she would not, must not, fall into Rand’s charm.

“Take *Piazzalle Roma Bus* from there. Pagkatapos bumaba ka na sa *Stazione Marittima*. Water taxi station ’yon along *Grand Canal*. Kung talagang tight ang budget, take a ferry instead of a water taxi.” Nagtanong ito ng kaibahan ng dalawang sasakyan maliban sa presyo ng pamasaha. “Ang water taxi, parang taxi, door to door ang hatiran.” Karamihan sa mga establishments sa Venice ay sa likod ang entrance kung saan direktang nag-a-unload ng pasahero ang mga sasakyang pantubig. “Yung ferry, per station ang hinto kaya maglalakad ka pa rin.”

Lihim siyang umasam na sana'y ang huli ang piliin nito para matagal pa niya itong makausap. Siguradong hihingi pa ito ng instructions mamaya kung paano masusumpungan ang hotel.

My God, what's happening to me? Behave, Vinny!

Baka kasi hindi na siya nito kontakin sa mga susunod na araw pag wala na itong kailangan sa kanya. Nakapagpalungkot sa kanya ang isiping iyon.

“Magta-taxi na lang ako. Maraming salamat. You’ve been a great help.”

“O-okay...” nadismaya niyang pahayag. This was the odd part of living alone, you’d feel attached to someone you always speak to—kahit pa hindi kayo magkadugo o hindi kayo nagkikita nang harapan.

Para siyang timang na maiiyak sa hindi malamang kadahilanan.

Sinasabi na nga ba, dapat ay inignora na lang niya ang electronic messages ni Rand. Dapat pinutol na lang niya ang komunikasyon sa mag-ama noong panahong umuwi ang mga ito sa Pilipinas. At ang mas tama sana niyang ginawa ay hindi na siya nakipagpalagayang-loob sa dalawa. Sa halip tuloy na si Alessandro lang ang hinihintay-hintay at pinananabikan niyang makita, nakasali pa ang mag-ama.

“Uhm, Vinny... do you mind if I pry a little?”
Halata ang pag-aalangan sa tinig nito.

“Aayos lang. Ano ba ’yun?” *Ginugulo mo lang ang isip ko.*

“Kaninang sinagot mo ang tawag ko, galing ka ba sa pag-iyak?”

Oo at gusto ko na namang maiyak! “Hindi, ah. May sipon lang ako.”

“Good. Sige, magpahinga ka na. Salamat ulit. *Ciao, Vinny...*”

Ciao? Italians used the word to say *hi, hello, or see you*. Ibig bang sabihin ni Rand, magkikita sila in person?

She wondered kung makakatulog siya nang mahimbing o hindi ngayong gabi. Ang puso niya ay punung-puno ng antisipasyon kung ano pa ang mga maaaring maganap bukas—with Alessandro. And Rand.



“*Buongiorno, cara mia!*” Rand said. Maaga niyang pinuntahan sa bahay si Vinny dahil baka may ibang lakad ito. Nabanggit kasi ng dalaga na naka-leave ito sa trabaho. Halatang nagulat ito sa presensya niya at mukhang hindi inaasahan ang biglaang pagsulpot niya sa bahay nito lalo at umagang-umaga.

“Good morning, too,” napilitan nitong tugon subalit nakangiti. Ito ang ngiting nababagay para kay Vinny, pati mga mata nito waring nakikisama

sa pagngiti. Lalo tuloy umaliwalas ang mukha nito. “Nice accent. Pero, naintindihan mo ba ’yung sinabi mo?”

Oo naman. Good morning, my Darling. “Hindi nga, eh,” kaila niya. “Translation, please.”

“Hay naku, never mind. Pasok ka na nga.” Niluwangan nito ang bukas ng pinto. “Tamang-tama, nag-aalmusal ako. Saluhan mo na ’ko.”

Nagpaunlak siya sa paanyaya. Bitbit ang ilang pasalubong, sumunod siya rito hanggang kusina. Wala halos nagbago sa bahay ni Vinny. Napalitan lang ang mga kurtina at sofa covers. Neat and tidy pa rin tulad noon.

Habang ipinaghahanda siya nito ng makakain ay nagkaroon si Rand ng pagkakataong muling pagmasdan ang kagandahan nitong taglay. Hanggang ngayon ay palaisipan pa rin sa kanya kung bakit ayaw pa ring mag-asawa ng dalaga gayong sinabi nitong hindi natuloy ang kasal nito. Puwedeng-puwede pa itong bumuo ng sariling pamilya.

Venice, you're really as mysterious as this city...

Nag-iisa na nga ito sa buhay, dito pa sa malayong bansa napiling mamuhay mag-isa. Siguro minahal nito nang lubos-lubos ang naging fiancé kaya masyadong nasaktan. Baka natatakot na itong umibig muli. Hindi niya maiwasang makaramdam

ng galit sa lalaking nakasakit kay Vinny.

Ang alam niya ay nakunan si Vinny, at dahil doon ay hindi na itinuloy ng lalaki ang planong pagpapakasal dito kahit na nga ba plantsado na ang lahat. If he would be given a chance, he would kick that bastard to hell.

Tumikhim si Vinny nang ilapag nito ang kape sa harapan niya.

“Mukhang may jetlag ka pa. Kay aga-aga, tulala.”

“Medyo,” pagsang-ayon ni Rand.

Tuwang-tuwa si Vinny nang ibigay niya ang padala ni Zari na dried mangoes at durian candy. Kinumusta nito ang bata at proud naman niyang ibinalita ang mga latest achievements nito.

Sa pagitan ng kumustahan ay hindi miminsang nagkakahulihan sila ng tingin pero waring naiilang ang dalaga at ibabaling nito ang mga mata sa ibang direksyon. Para bang may inililihim ito na maaaring mabasa sa mga mata nito kaya nag-iiwas ng tingin.

Ano pa kaya ang hindi niya nalalamang kuwento sa buhay nito? Noong nasa hospital si Zari, ilang magdamag din ang inubos nila ni Vinny sa pagkukuwentuhan. May pagkakataon pa nga na napapaluha ito sa pagkukuwento, and then he would embrace Vinny to comfort her.

The naughty but honest side of him wanted to

ask her a direct question. Medyo naaalangan lang siya because it may sound rude and vulgar. Gusto niyang kumustahin kung paano nakaka-survive ang dalaga sa mga gabing malamig at nag-iisa. He would save that question for later, kapag mas palagay na uli ang loob nito sa kanya. Ayaw niyang ipagsapalaran ang maganda nilang samahan. They're *close friends*—hindi niya itataya iyon para lang sa isang tanong.

“Bumalik ka kaya sa hotel at matulog muna? Natutulala ka talaga,” natatawang puna ni Vinny. “Bakit ba kasi ang aga mong napasugod?”

Tanong din ang isinagot ni Rand. “May lakad ka ba ngayon?” He looked at her directly.

“Wala,” tugon nito na agad ding pinasubalian nang tila mahulaang magpapasama siya. “Pero hindi ako puwedeng umalis ng bahay.” Matamis na ngiti ang sumilay sa mga labi nito.

“Are you expecting someone?” Rand felt an inexplicable surge of jealousy inside of him. Bakit ba gusto niyang ariing kanya si Vinny gayong hindi naman niya ito nililigawan? “Sayang, yayayain sana kitang mamasyal. Magiging busy na kasi ako once inumpisahan ko ang research study.”

“Sorry, Rand. Next time na lang, hindi muna ngayon.” She reached for his hand and gently patted it. “Remember Alessandro? Nandito sila ngayon.”

Ah, her only living relative. Ang pamangkin din ang ibinigay na rason ni Vinny kung bakit sa Venice nito piniling manirahan.



“Naaawa na ’ko sa ’yo, Vinny. Ilang araw ka nang silip nang silip sa bintana. Ang mabuti pa, puntahan mo na lang ’yung bata para matapos na iyang kalbaryo mo.”

“As if ganoon lang kadali?” Mula sa bintana ay nilingon ni Vinny si Rand na nanonood ng telebisyon. “Kung ako naman sa ’yo, sisimulan ko nang galugarin ang Venice nang mag-isa. Just bring your map and fully charged cell phone para in case maligaw ka, hindi ka helpless. Kung hihintayin mo akong matapos sa kabaliwan ko, aabutin ka ng siyam-siyam. You looked bored to death confined in this small house with me.”

Nagkakamali ang dalaga. He was enjoying every minute of her company. Habang lumilipas ang mga araw na nakakasama at nakakausap niya ito nang personal ay sumisidhi ang kagustuhan niyang lalong mapalapit dito.

“I’m not.” Pinatay niya ang telebisyon at lumapit sa kinaroroonan ng dalaga. “Sabihin mo sa akin kung ano ang dahilan kung bakit hindi mo puwedeng lapitan ang bata. Kung may maitutulong ako, I would gladly help you,” bukal sa puso niyang

sinabi. Sa laki ng naitulong sa kanila ni Vinny, kahit anong pabor ang hingin nito ay nakahanda siyang ibigay hangga't makakaya niya.

“Nakaka-touch naman,” she said sincerely. “Wala naman sigurong mawawala kung susubukan kong magpasaklolo sa 'yo. Basta ipangako mong walang makakaalam, ha?”

“I promise.” This time sinalubong ni Vinny ang tingin niya na parang sinasabing ‘Panghahawakan ko ang pangako mo’.

Another mystery would be unveiled.

“Alessandro was the result of a sinful affair. Kasal na si Matilde noon nang lihim na makarelasyon si Cedric. Nabuntis, natakot ipa-abort ang bata kaya ipinaako sa tunay na asawa na walang kaalam-alam sa nangyayari...”

Para maputol ang ugnayan, sumama na lang si Matilde sa destino ng asawa nito sa Indonesia. Cedric died without seeing his son. Nang kausapin ni Vinny ang ina ng bata, nakiusap itong kung puwede lang ay huwag nang habulin ang karapatan sa bata dahil maayos na ang buhay nito at giliw na giliw na rin dito ang kinikilalang ama. Kaya ang pobreng tiyahin ay hanggang tanaw na lang.



“Thank you, Rand. I owe you one.”

“Huwag ka munang magpasalamat. Manalangin

kang huwag pumalpak ang plano natin.”

Through social media, ni-research nila ang line of interest ng asawa ni Matilde. Mabuti na lang related din sa building construction and business nito. Nang minsang matiyempuhan ni Rand na lumabas ang lalaki ay kinausap at kinaibigan.

Naimbita sila sa bahay ng mag-asawa para mag-dinner.

Magkahawak-kamay silang kumatok sa kapitbahay—portraying the role of husband and wife. Mga magulang ni Matilde ang sumalubong sa kanila.

“*Buona sera!*” Halos sabay silang nagmagandang-gabi sa dalawang matanda.

“*Benvenuto! Fai come a casa tua...*” The hosts welcomed them and delivered the traditional make-yourself-at-home spiel.

At bahagi pa rin ng welcoming ceremony ang air kiss.

Wagas talagang maka-beso-beso ang mga Italyano, parang wala nang bukas! naisip ni Vinny.

She had informed Rand earlier that male friends may embrace and tap each other on the back. Madali namang mapagbilinan ang asawa niya.

All in all, smooth sailing ang dinner. In broken English and Italian language at manakanakang translation, nagkaintindihan naman ang

magkakapitbahay. Relax ang lahat maliban sa kanilang dalawa ni Matilde.

Katapat niya ng upuan si Alessandro na panay ang ngiti sa kanya. Siguro'y nakakaramdam din ng lukso ng dugo ang bata. Hindi roon natapos ang lahat dahil bago sila umuwi ay natupad ang matagal na niyang pinapangarap, ang mayakap at mahagkan ang bata.

Alessandro, the youngest in the family, bid them goodbye with adoring hugs and kisses!

Tatanawin talaga niyang utang na loob kay Rand ang pagkakataong ito. Nang makarating sila sa bahay ay humulagpos ang tinitimpi niyang emosyon.

And on Rand's shoulder and in his consoling embrace, she comfortably cried and poured out her emotion. Hindi alam ni Vinny kung bakit ganito kalapit at sobrang palagay ang loob niya sa lalaki. Aside from Cedric, he's the only man who made her feel sheltered and cared. Hindi niya iyon nadama sa naunang mga nobyo na inakala niyang minahal niya... na nagsabing minamahal din siya.

Rand never promised anything, nor did he shower her with sugar-coated words. Instinctively, though in secret, she trusted him and gave him access to her heart and soul. Ang puso niya na wala na siyang balak ipagkatiwala pa sa kahit na kanino. She wondered what potion or trick Rand used for

her to be this submissive and yielding.

It must be the sincerity in his eyes. She could feel how much he cared whenever she looked at him.

“Thank you, Rand,” aniya nang medyo humupa na ang damdamin. “How can I repay you?”

“Vinny, wala kang dapat bayaran. Ako nga ang baon na sa utang na loob sa ’yo...”

Debt of gratitude—the only debt that could not be repaid. Gayunpaman, gusto lang niyang malaman ng lalaking ito na nakayakap sa kanya kung gaano niya na-appreciate ang ginawa nito.

“...pero kung gusto mo talagang makabawi, just give me a real smile. Ayos na sa ’kin ’yon.” Rand touched her chin and tilted up her face to meet his gaze. Then his other hand wiped the tears of joy that stained her cheeks.

“Kung alam ko lang na babaha ng luha, hindi na sana natin itinuloy ang plano,” dagdag biro nito na lalong nakapagpangiti sa kanya.

